

1

“Ate, narinig mo na ba ang balita?” tanong ni Nessie, nakababatang kapatid ni Nisha. Galing ito sa labas ng bahay at humihingal pa itong lumapit sa kanya.

“Anong balita?” walang-ganang tanong niya. Nasa sala siya at nakaupo sa sofa habang naglilinis ng mga vials na paglalagyan niya ng mga herbal medicines. Magtataka pa siguro siya kung wala itong ibabalita sa kanya sa buong maghapon. Tingin niya sa kapatid ay nahawa na ito sa mga tsismoso at tsismosang kapit-bahay nila.

Libangan na ng mga kababaryo ni Nisha ang magtsismisan. At sa liit ng barangay nila, hindi imposibleng kumalat kaagad ang balita gaano man ito kaliit na bagay. Napapalaki ito sa paglipat-lipat sa mga bibig at mga tainga.

“Darating na si Kuya Santi!” At tumili sa sobrang excitement si Nessie. Umupo ito sa kanyang tabi.

“Gaga! Tumigil ka nga.” Inis na kinurot niya ito. “Akala ko naman kung anong importanteng bagay ang sasabihin mo!” ismid niya.

“Ate naman,” reklamo nito, sabay himas sa hitang

kinurot niya. “Hindi ka man lang ba natutuwa sa ibinalita ko? Halos lahat yata ng kababaryo natin ay excited na sa pagdating niya!”

“Hoy! Tumigil ka, ha! Nagiging tsismosa ka na rin kagaya ng mga kapitbahay natin, alam mo ba ’yun?” Nanggigigil na pinandilatan niya ang kapatid. “Ba’t ako matutuwa sa ibinalita mo? Sino ba siya?”

Inirapan siya nito. “Hindi naman tsismis iyon. Si Hilda mismo ang nagsabi sa akin kanina sa eskuwela.” Ang tinutukoy nito ay ang kapatid ni Santi. Sina Hilda at Nessie ay matalik na magkaibigan. Parehong nasa fourth year ang mga ito sa national high school sa bayan.

“Pakialam ko.” Umismid si Nisha. Ang totoo ay kanina niya pa alam ang balita.

Head midwife si Nisha sa health center. Si Santi ang topic ng mga tao roon mula nang dumating siya sa trabaho hanggang sa bago siya umuwi. Hindi magkandaugaga ang mga kasamahan niya at ilang pasyente sa center habang pinagkukuwentuhan ang pagdating ng kanyang kababata.

“Ano kaya ang pasalubong sa akin ni Kuya Santi?” parang walang narinig na tanong ni Nessie. Tumingala pa ito sa kisame ng bahay nila na animo

ay nangangarap.

“Hoy, hoy!” Hinampas niya ng hawak na basahan ang nakatulalang kapatid. “Ayokong hihingi ka ng kahit ano sa gagong iyon, ha!”

“Hindi naman ako humingi,” depensa nito, mukhang malapit nang mapikon. “Tinanong niya mismo si Hilda kung ano’ng gusto kong pasalubong pag-uwi niya. Sa totoo lang, pati nga gusto mo ay itinanong din.”

“Ano?” Biglang namilog ang mga mata niya sa narinig.

“Oo.” Tumango ito. “Di nga niya tinigilan si Hilda hangga’t di nalalaman kung ano’ng gusto mo.”

“A-ano’ng sinabi ni Hilda?” Hindi na napigilan ni Nisha ang sarili. Bakit naman siya bibigyan ni Santi ng pasalubong? At matay man niyang sabihin ay excited din siyang malaman kung ano ang ibibigay nito sa kanya.

“Medical references, para magamit mo sa center.”

“Ganoon?” Bigla siyang nawalan ng gana sa sinabi ng kapatid. Deep inside, iba ang iniisip niyang ibibigay nito sa kanya.

“Ayaw mo?” Mukhang nahalata nito ang

pananamlay niya.

“Hindi ako interesado,” nakasimangot na sagot niya.

“Sobra ka, Ate. Nakakahiya naman kay Kuya Santi kapag tinanggihan mo ang pasalubong niya. Baka isipin n’un ay iniinsulto mo siya,” panenermon nito.

“Bakit? Sinabi ko bang pasalubungan niya rin ako? Bahala kayong dalawa ni Hilda na magbasa ng reference books na dala niya.”

“Pero, Ate, sayang din iyon. Saka mahilig ka naman talagang magbasa ng medical journals, di ba?” Napakamot sa batok si Nessie. Nagpakahirap pa naman sila ni Hilda sa pag-iisip kung ano ang magugustuhan ni Nisha!

“Ewan.” Umingos siya pero. Katunayan ay nanghihinayang din siya na tanggihan ang pasalubong ng kababata.

“Nakakahiya naman kay Kuya Santi,” nangongonsyensyang saad ni Nessie.

“Ba’t ka mahihiya sa gagong iyon? Hindi naman ako humihingi ng kahit ano mula sa kanya kaya manigas siya!” mariing sabi niya, pagkuwan ay

binalingan ang kausap. “Teka nga, ba’t ba nakikikuya ka sa gagong iyon? Kaanu-ano mo ba iyon?”

“Wala pa,” iling ni Nessie ngunit nakangisi ito. “Pero baka maging in-law ko balang araw.” Mabilis itong tumayo mula sa sofa at kumaripas ng takbo palabas ng bahay para makaiwas sa panibagong kurot ni Nisha.

“Welcome home, ’Insan! Gandang lalaki ka pa rin hanggang ngayon, ah!” masayang bati ni Bong, sabay yakap sa bagong dating na si Santi. Umuwi siya ng Pilipinas pagkatapos ng limang taong pagtatrabaho sa Texas, USA bilang isang computer programmer. Sinundo siya ni Bong sa arrival area ng NAIA.

“’Insan!” Gumanti siya ng yakap. “Sina Tatay at Nanay? Si Hilda?” hanap niya sa mga magulang at nag-iisang kapatid na babae.

“Masama ang pakiramdam ni Tia Puring kaya’t di na sumama. Si Tio Badong naman ay ayaw ring sumama dahil walang mag-aalaga kay Tiyang. May exams naman si Hilda sa eskuwela kaya hindi rin nakasama.”

“Ganoon ba?” Medyo nanlumo siya. Matagal na niyang hindi nakapiling ang pamilya kaya sabik na

rin siyang makita ang mga ito. “Buti na lang sinundo mo ako. Pasensya ka na sa abala, ha?”

“Wala ’yon. Basta ba may pasalubong ako, ha?” Labas lahat ng ngipin ni Bong sa lawak ng pagkakangiti nito.

Napangiti siya. “No problem.” Halos lahat yata ng balikbayan boxes na dala niya ay puno ng pasalubong para sa mga kamag-anak at pati na rin sa mga kapitbahay.

Napatingin ito sa mga bagahe niyang nasa cart. “May dala akong sasakyan. Teka at ite-text ko lang si Pidoy.”

Kasama ni Bong ang driver nito sa pagsundo sa pinsan. May malaking fishpond na pag-aari ang pamilya nito at ito ang namamahala niyon.

Ilang sandali pa ay dumating na ang hinihintay nila. Agad na bumaba ng sasakyan si Pidoy at mabilis na tumulong sa kanilang maipasok ang mga bagahe sa loob ng sasakyan.

“Kumusta sa atin?” tanong ni Santi kay Bong. Kasalukuyan na silang bumabyahe patungong probinsya.

“Bah, asensado na tayo. May mall na sa karatig

bayan. Malapit lang sa atin kaya madaling pasyalan,” pagmamayabang nito.

Ang baryo Osiao ay isang isla at tumatawid sila ng dagat kapag namimili nang maramihan.

“Pag nagbago ang isip ko, hindi na ako babalik ng States. Magtatayo na lang ako ng negosyo sa atin.”

“Ano namang negosyo ang nasa isip mo?” tanong ni Bong.

“Marami akong pinagpipilian. Pero baka computer shop o hardware store na lang. Sabi kasi ni Tatay maraming road construction and widening projects sa atin.”

“Ah, oo. Ipinapagawa na rin pala ni Mayor iyong hanging bridge papunta sa bayan. Mabuti iyon para huwag na tayong mahirapan.” Kapag low tide ay puwede nilang tawirin ang bayan sa pamamagitan ng paglalakad o pagdadala ng sasakyan. Ngunit kailangan nilang sumakay ng bangka kapag high tide dahil lampas tao ang lalim ng tubig doon.

“Okay pala talagang mayor ang ninong, ha?” Isa siya sa mga tumulong at nagpadala ng financial assistance nang magdesisyon itong tumakbong mayor sa bayan nila. At hindi naman siya nabigo sa pagtulong dito. Mabait ang ninong niya at tapat pa

sa sinumpaang tugkulin.

“Oo, kaya siguradong wala siyang talo sa susunod na eleksyon.” Nakakaisang term pa lang si Mayor Gonzaga at balak nitong tapusin ang tatlong termino sa panunungkulan bilang mayor.

“Saan kaya puwedeng kumuha ng puwesto?” pag-iiba niya sa usapan.

“Try mo sa mall para sa computer shop mo. Hindi mo problema ang puwesto kung hardware ang bubuksan mo. Di ba may bakante kayong lote sa tabi ng bahay ni Lola Ambi?”

Lola Ambi... May bombilyang biglang kumislap sa isipan ni Santi. “K-kumusta na pala si... si Nisha?”

“Sinabi ko na nga ba at hindi ka rin makakatiis na hindi itanong si Nisha,” may malisya ang ngiti na tugon ni Bong. Tinapunan nito ng pilyong tingin ang pinsan.

“You just mentioned Lola Ambi, natural lang na maalala ko ang apo niya,” pamimilosopo niya kahit na ang totoo ay kanina pang nasa utak niya ang dalaga.

“Mas maganda siya ngayon kesa noon. At mas lalong sumeksi.”

“Ate! Ate Nisha!”

Dahil sa gulat ay muntik nang mabitawan ni Nisha ang hawak niyang bote na puno ng mga ugat-ugat ng mga halaman at punong-kahoy.

“Oy, Hilda! Halika, pasok ka!” Ang sixteen-year-old na si Hilda ang nadungawan niya sa bintana. Matanda siya rito ng walong taon ngunit malapit ito sa kanya. Palibhasa best friend ito ni Nessie.

Nagmamadaling umakyat ng bahay si Hilda. “Ate! Dumating na si Kuya Santi!” Halos tumalon ito sa tuwa, sabay yakap sa kanya. Para namang natuka ng ahas na natulala siya dahil sa narinig.

Walang balitang hindi nakakaligtas sa pandinig ng buong baryo nila. At ang pag-uwi ni Santi sa Pilipinas ay matagal nang pinanabikan ng mga tsismoso at tsismosang kapitbahay nila. Tanging si Nisha lang yata ang nagdasal na sana ay hindi matuloy ang pag-uwi ng binata.

“Ate?” Marahang niyugyog ni Nessie ang kapatid. Naroon din ito at si Lola Ambi nang dumating si Hilda.

“Ah? Uhm... ano 'ikamo, Hilda?” namamalikmatang tanong niya.

“Andito na ang Kuya!” masayang ulit ni Hilda. “Heto nga pala, o, may pasalubong siya sa inyo.” Isa-isa nitong ibinigay ang mga nakabalot pang pasalubong sa kanila.

“Wow!” Kaagad na inabot ni Nessie ang para rito at buong kasabikang binuksan iyon. Isang bag ng beauty products ang pasalubong dito ni Santi. May lotion, facial cream, pabango, shampoos at sabon.

Isang malaking kahon ng imported chocolates naman ang para kay Lola Ambi. Alam ng buong baryo na paborito ng matanda ang tsokolate.

“Ano ba, Ate, bakit hindi ka kumibo d’yan? Buksan mo na ang pasalubong mo!” excited na udyok ni Nessie kay Nisha nang mapansing binale-wala niya ang pasalubong ni Santi. Pero sa halip na buksan iyon ay walang-imik niya itong isinauli kay Hilda.

“Ate...” manghang sabi ng kapatid. Kahit si Lola Ambi ay nagulat din sa kanyang ginawa.

“Hindi ko kailangan iyan,” nakasimangot na sabi niya.

“Ate naman! Bakit ba? Nakakahiya kay Kuya Santi kung isasauli mo iyan,” napakamot sa ulo na maktol ni Nessie.

“Basta.” Inirapan niya ang kapatid pagkatapos ay binalingan si Hilda na hindi rin nakaimik. “Pakisabi salamat, pero hindi naman ako humihingi ng pasalubong.”

“Ang Ate talaga, super KJ. Kapag tinanggihan mo ang pasalubong niya ay baka sabihin ni Kuya na may crush ka pa rin sa kanya hanggang ngayon,” anang dalagita.

“Hoy, Nessie! Tumahimik ka kung ayaw mong bunutin kong dila’t ngala-ngala mo!” Hindi lang ang kapatid kundi pati na rin buong baryo ang nakakaalam na may crush siya kay Santi noong mga bata pa sila.

“Tumigil nga kayong dalawa.” saway ni Lola Ambi na sarap na sarap na sa kinakaing tsokolate. “Nisha, matagal nang panahon iyon. Hanggang ngayon ba naman ay hindi mo pa rin nakakalimutan ang nangyari?”

“Huwag na ho nating pag-usapan pa ’yon, Lola,” aniya bago mabilis na tinungo ang kanyang kuwarto.

Walang nagawa si Nessie kundi ang maghinayang. Nahihiya itong tumingin sa kaibigan. “Pasensya na, Hilda.”

“Oo nga, Hilda. Ikaw na ang bahalang

magpaliwanag kay Santi,” nahihiyang sabi rin ni Lola Ambi.

Ulilang lubos na sina Nisha at Nessie. Sabay na namatay ang mga magulang nila nang abutan ng masamang panahon ang mga ito sa gitna ng dagat habang pabalik sa baryo. Si Lola Ambi na lang ang tangi nilang kamag-anak na nag-aruga at nagpalaki sa kanilang dalawa. Panggagamot gamit ang mga halaman at panghuhula ang tanging kabuhayang alam nito upang maitaguyod silang magkapatid. Sa kabila ng kahirapan ay napatapos pa rin ni Lola Ambi ng Midwifery si Nisha.

Ngayon ay isa na siyang licensed midwife. Dahil matalino ay marami ang nagtitiwala sa kanyang kakayahan. Hindi lang pagpapaanak ang alam ni Nisha. Madalas ay nagagamit niya ang kanyang natutuhang paggagamot mula sa kanyang lola.

Minsan, may mga lumalapit na rin sa kanya upang magpahula. Tinuruan siya ni Lola Ambi ng palmistry, at manghula ng kapalaran . Ngayon sa edad na beinte-cuatro, napaghihinalaan na rin siyang mangkukulam kagaya ng lola niya. Ngunit katulad ng abuela ay hindi rin niya pansin ang tsismis na ikinakalat ng kababaryo nila. In a way, she felt safe.

No one would dare defy a witch...

Hindi maipinta ang mukha ni Santi nang isauli sa kanya ni Hilda ang pasalubong na pinabigay niya para kay Nisha.

“Bakit?” Iyon lang ang naitanong niya sa kapatid.

“Ayaw tanggapin ni Ate Nisha,” kibit-balikat na sagot nito. Dalaga na ito pero parang bata pa rin kung kumilos minsan.

“Bakit nga?” Talagang naglaan siya ng oras sa pagpili niyon pagkatapos ay iisnabin lang pala ni Nisha. Kasama ng medical book na nabili niya ay isang friendship bracelet na yari sa mga exotic stones. Nais niyang makitang suot iyon ng kababata.

“Malay ko ba?” Itinaas nito ang isang kilay. “Siguro galit pa rin siya sa iyo.” At iniwan na nito si Santi na nag-iisip.

Sa tagal ng panahon na hindi niya nakita ang kababata ay hindi niya maintindihan kung bakit galit pa rin ito sa kanya hanggang ngayon. Akala niya ay huhupa na ang galit nito sa kanya nang umalis siya ng Pilipinas at magtrabaho sa Texas. Mali pala siya.

Balak pa naman niya itong ligawan ngayong

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

nakauwi na siya. Pero kung hanggang langit pa rin ang galit ni Nisha sa kanya, imposible pang malapitan niya ito at maligawan.

Kung ayaw niya, huwag. Hindi pa ako desperado para ipilit ang sarili ko sa kanya, usal niya sa sarili.

Pumasok siya sa loob ng silid at pabalibag na tinapon ang pasalubong sa kanyang kama.

Sarap sakalin ng babaeng 'yon. Hanggang ngayon ang arte-arte pa rin. Akala yata niya'y siya na lang ang babae dito sa mundo! tiim-bagang na naisip niya.

2

“Ate, kakain na,” narinig ni Nisha ang boses ni Nessie sa labas ng silid. Kumatok pa ito upang masigurong narinig niya ang pagtawag nito.

“Mamaya na. Busog pa ako. Mauna na kayo ni Lola!” sigaw niya mula sa loob. Mainit pa rin ang ulo niya mula nang pumunta sa kanila si Hilda at ipagduldulan sa harap niya ang pasalubong ng kuya nito.

As if naman, magkakandarapa akong tanggapin ’yon! Umismid siya sa sarili at suyang nagtalukbong ng kumot.

Hindi pa rin maalis ang galit niya sa kababata hanggang ngayon. Lalo nga yatang umigting ang galit niya mula nang umugong ang balitang papauwi na ito ng Pilipinas. Dahil doon, nagkaroon na naman ng tsansa lahat ng kababaryo nilang tuksuhin ulit siya kay Santi. At pati si Nessie ay nakisali na rin.

First year high school siya noon at si Santi Gomez naman ay fourth year. Lumaki silang magkapitbahay at magkalaro, ngunit isang araw ay biglang

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

naramdaman ni Nisha na nagkaka-crush na siya sa kababata. Sa takot niyang mahalata nito iyon ay iniwasan na lamang niya ang lalaki hanggang sa dumating ang panahong hindi na sila nagkikibuan.

Kinimkim na lang niya ang kanyang secret feelings para sa kababata at dinaan ang lahat sa pagsusulat sa kanyang diary na palagi niyang dala-dala sa kanyang school bag. Isang araw ay hindi niya namalayang nahulog ito at napulot ng isang tsismosang kaklase. Doon na nagsimula ang kalbaryo ng buhay niya.

Lalo pang nadagdagan ang paghihinagpis ng kanyang loob nang minsang makasalubong niya sa daan si Santi at ang mga kabarkada nito. Nagsimulang magtuksuhan ang magkakabarkada at kitang-kita pa niya nang makipag-high five sa mga ito ang kababata. Sa sobrang inis ay binato niya ito ng isang malaking bato. Sapol sa kilay ang Santi. Nahintakutan naman siya sa ginawa kaya kumaripas siya ng takbo pauwi.

Pagdating sa bahay ay kaagad siyang nagtago sa loob ng kuwarto. Mayamaya pa ay may narinig na siyang boses sa labas ng bahay nila. Tinatawag ng tinig si Lola Ambi.

“O, Badong? Ano’ng nangyari sa anak mo?” narinig niyang tanong ng abuela.

Sumagot ang bisita ngunit hindi niya naintindihan. Mayamaya pa ay narinig niyang tinawag siya ng lola niya. Lalo siyang napasuksok sa ilalim ng kama.

“Nisha, ano ba? Lumabas ka nga riyan sa kuwarto at tulungan mo ako dito!”

Napilitan siyang lumabas mula sa kanyang silid. Masamang magalit ang matandang babae.

“B-bakit po, Lola?” Namutla siya sa nabungaran sa sala. Nakaupo sa kanilang kawayang sofa ang mag-amang Badong at Santi. Kahit duguan ang kilay ng kababata ay halata niyang nanlilisik ang mga mata nito sa kanya samantalang kunot-noong tiningnan siya ng ama nito.

“Kumuha ka nga ng malunggay sa likod-bahay. Kailangang maampat natin ang dugo ni Santi sa kilay.”

Pagbalik niya mula sa pagkuha ng malunggay ay wala na sa sala ang ama ni Santi. Tanging ito na lang at ang lola niya ang nandoon.

“Andyán ka na pala. Hala, nguyain mong mabuti ’yan at pagkuwa’y itapal mo dine sa kilay ni Santi.” Tumayo na ang matanda buhat sa pagkakaupo sa pang-isahang kawayang sofa. Nakahanda na sa lamesita nila ang katsang itatali sa ulo ng binatilyo.

“H-ho? Ba’t ako?” tarantang tanong ni Nisha.

“May paaanakin pa ako. ‘Andoon lang ako kina Magda. Pakainin mo na lang ang kapatid mo at baka umagahin na ako doon.”

“Ano’ng tinatanga-tanga mo riyan? Gamutin mo na ’tong kagagawan mo at baka maubusan pa ako ng dugo,” panenermon ni Santi pagkaalis na pagkaalis ni Lola Ambi. Alam niyang kung di lang ito takot sa matanda ay kanina pa siya sinakal nito.

Kalat sa buong baryo na bukod sa panggagamot ay marunong ding mangkulam ang matanda. Lalo pang lumala ang tsismis tungkol kay Lola Ambi nang wala na itong ibang isuot na damit kundi pulos itim ang kulay.

“Buti nga sa iyo...” bulong ni Nisha sa sarili habang nginunguya ang malunggay. Mayamaya ay niluwa niya iyon at akmang itatapal na sa duguang kilay ni Santi nang biglang umiwas ang binatilyo.

“Sigurado ka bang walang gayuma iyan?” dudang tanong nito.

“Kung ayaw mong ilagay ko ito d’yan sa kilay mo, pakamatay ka na lang kung gusto mo.” Taas ang kilay na ibabato sana niya sa labas ng bintana ang nginuyang dahon ng malunggay subalit maagap

siyang napigilan nito.

“Hep!” Hawak nito ang braso niya. “Bakit mo itatapon?”

“Ano ba talaga ang gusto mo, ha?” Iwinaksi niya ang braso mula sa pagkakahawak nito. Pakiramdam niya ay bolta-boltaheng kuryente ang dumapo sa balat niya.

“Para nagtatanong lang...” Ngumisi ito.

“Ito’ng tandaan mo, lalaki ka.” Dinuro ni Nisha ng daliri ang guwapong mukha ng kababata. “Hindi porque’t crush kita ay puwede ka nang magmalaki, ’no!”

“Hay, inamin rin sa wakas.” Tumirik ang mga mata ni Santi nang tumingin sa kisame ng bahay nila, sabay ngiti. Talo pa nito ang kinilig.

“Bakit ko pa ide-deny? Kalat na kalat na rin naman,” nakairap na tugon niya.

“So, tayo na ba?” Kinindatan nito ang napamulagat na dalagita.

“Ano!”

“Bakit? Bagay naman tayo, di ba?” Tumayo ito at idinikit ang duguang mukha nito sa kanya.

“Gago!” Mariin niyang binatang ang binatilyo.

“Pakipot ka pa!” pikon na tugon nito.

“Excuse me!” Lalong nanlaki ang kanyang mga mata sa galit. “For your information, hindi na po kita crush, ’no!”

Namula si Santi. Halatang nadurog ang ego nito. “Dami mo pang satsat. Hala, gamutin mo na ’tong sugat ko. Pasalamat ka’t hindi ako nagsumbong sa Tatay. Kapag nagkataon, siguradong lagot ka!”

“Subukan mo at nang makulam ka naman ng Lola!” Mabilis itong namutla, sa takot marahil. *Buti na lang takot sa kulam ang gagong ito, usal niya sa sarili.*

Hindi na ito kumibo. Sinamantala iyon ni Nisha upang gamutin ang sugatang kilay nito. Kaagad niyang binendahan ang ulo nito ng malinis na katsa.

“Tapos na. Uwi na.” Halos ipagtulakan niya ito sa pinto matapos ang gamutan nila. “Tsupi!”

“Teka. Ito’ng bayad ko.” Dumukot ito ng pera mula sa bulsa ng pantalon at iniabot ito sa kanya.

“Huwag na. Ako naman ang may gawa niyan.” Kahit papaano ay nakonsyensya siya. Bukod doon, ipinapabahala niya sa abuela ang pag-abot sa

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

ganoong tulong. Alam niyang tatanggihan din ng matanda kung nagkataon ang ‘donasyon’ ni Santi.

“Salamat.” Lumingon muna si Santi at nang walang makitang tao ay kaagad na hinalikan sa pisngi ang hindi nakahumang si Nisha. “Iyan ang bayad ko.” At kumaripas na ito ng takbo palabas ng bahay nila.

“Lagot ka, Ate! Isusumbong kita kay Lola!” sabad ng isang maliit na tinig. Nakakaloko ang ngiting pinakawalan ng limang taong gulang na si Nessie. Nasa likod pala ito ng pinto ng kusina at kanina pa sila pinagmamasdan.

Malayo na nga ang narating ng baryo nila. May paghanga sa mga mata ni Santi habang binabaybay nila ang daan patungo sa bayan. Low tide kaya gamit ni Bong ang sasakyan. Nagyaya siyang mamasyal at maglibot sa kinalakhang lugar.

Maraming mga bagong bahay na magaganda at malalaki ang nadaanan nila. Maraming taga-kanila ang pinalad na makapagtrabaho sa abroad. Napansin niyang sementado na ang kalsada. May cell site na sa kanilang baryo; uso na rin ang cellphones sa mga tao. Iyon ang dahilan kung bakit sila tutungo sa bayan. Bibili ng cellphone para sa sarili si Santi at papalitan

na rin niya ang lumang cellphone ni Bong.

Nadaanang nila ang *Osiao National High School*. Dito siya nag-aral. Lahat yata ng taga-Osiao ay doon pumasok ng high school. Katabi nito ang barangay hall at health center.

Nas'an kaya ang bruha? Naalala niya si Nisha. Alam niyang midwife ito at sa center nagtatrabaho.

Napansin ni Bong ang pagiging tahimik ng pinsan. Nilingon siya nito at tinanong, “May problema ba?”

“Wala,” sagot niya, ngunit nakasimangot ang mukha.

“Wala raw, eh, halos hindi na maplantsa ang mukha mo sa pagkagusot,” kanyaw nito.

Napabuntong-hininga siya. “Hindi ko maintindihan si Nisha.”

“Ayun. Ano naman ang problema mo kay Nisha?” Umaliwalas kaagad ang mukha ni Bong, handang tudyuhin ang pinsan.

“Ba’t ba galit pa rin siya sa akin hanggang ngayon?”

“Nag-usap na kayo?” balik-tanong nito. Mukhang

nagulat ito sa narinig.

“Makikipag-usap ba sa akin ’yon, kung kahit nga ang pasalubong ko ay hindi tinanggap?” inis na sagot niya.

Natawa ito. “Ganoon? Baka naman hindi nagustuhan ang pasalubong mo.” Nasa mall na sila at naghahanap ng puwesto sa parking area para maiparada ang pick-up.

“Insan, I was just trying to be nice. Hindi lang naman siya ang binigyan ko ng pasalubong.” Alam iyon ni Bong dahil halos lahat ng kapitbahay nila ay nabahaginan nito ng imported na sabon, tsokolate o pabango.

“Iyon naman pala. Dapat ay hindi ka naapektuhan kung isinoli niya ang binigay mo.” He switched off the engine. “Wala naman ’atang personalan sa pagbibigay mo ng mga pasalubong.”

Bumuntong-hininga na lang si Santi. Walang personalan samantalang kandahirap siya sa kahahanap ng espesyal na maipapasalubong para sa gagang iyon?

Pumasok sa loob ng mall ang magpinsan.

Dalawang palapag lamang ang mayroon ito. Umakyat sila sa second floor at naglibot. Tinungo nila ang mga tindahan ng cellphone at namili ng magugustuhang modelo.

Nagpasya silang kumain bago umuwi. Pumasok sila sa *Greenwich* at nag-order ng large pizza pie. Naupo sila malapit sa entrance. At kitang-kita nila nang pumasok sa pizza house sina Nisha at Nessie. Kabuntot ng mga ito si Hilda. Dere-derecho ang mga ito sa counter upang mag-order, halatang hindi sila napansin.

Kaya naman pala biglang nawala ito, usal ni Santi sa sarili nang makita ang kapatid.

Pero kay Nisha napako ang pansin niya. He was excited to finally see her again. Limang taon silang hindi nagkita pero hindi pa rin nagbabago ang tibok ng kanyang puso tuwing nasa malapit ang dalaga. Talo pa ng limang batalyong kabayo na rumaragasa sa bilis ang pagkabog ng puso niya.

And he knew why. May mga bagay sa mundo na madaling pagsawaan o makalimutan. Ngunit hindi ganoon ang nararamdaman niya para kay Nisha. Bagkus ay parang lalo itong lumakas.

Tandang-tanda pa niya kung kailan nagsimula

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

ang kakaibang nararamdaman para sa dalaga. He was in fourth year high school and she was in her first year. Hindi siya nanligaw dahil napakabata pa noon ni Nisha.

Hindi rin siya naniwala sa ipinagkakalat ng kaklase ng dalaga na nakapulot ng diary nito. Paano siya maniniwala samantalang pulos coded-numbers at letters ang nandoon.

Ang tanging konsolasyon niya ay nang umamin si Nisha na may gusto nga ito sa kanya. Pero kaagad din nitong binawi iyon. Posible pa kayang magkagusto ito uli sa kanya ngayon?

“Kuya Santi! ’Andito rin pala kayo!”

Nagulat si Nisha sa narinig mula kay Hilda. Mabilis niyang nilingon ang katabing upuan at nang makita ang may-ari ng pangalan ay bigla siyang tumayo at hinagip ang braso ng mga kasama.

“Ate, ano ba?” Nagulat pa si Nessie sa ginawa niya.

“Malas dito. Sa iba na lang tayo kumain,” nakairap na sagot niya.

“Ate!” namanghang sabi ng kapatid. Nagpumiglas

ito. “Nakapag-order na tayo!”

“Kahit na. Sa ibang araw na lang tayo bumalik dito.” Ngani-nganing singhalan ni Nisha ang nakamasid na si Santi. Bahagyang nakabuka pa ang bibig nito sa pagkakatitig sa kanya. Hindi niya malaman kung nagandahan ba ito sa kanya o nahiwagaan sa ikinikilos niya. Kung anuman iyon ay ginagapangan na siya ng panginigilabot sa buong katawan.

“Ayoko!” Halos idikit ni Nessie ang puwit sa kinauupuan. “Gusto ko kumain dito!”

“Oo nga naman, Ate Nisha,” kumampi si Hilda sa kaibigan. “Birthday ngayon ni Nessie, pagbigyan mo na.”

Inis na binitawan ni Nisha ang kapatid. Saglit siyang nag-isip, pagkuwan ay pasalampak na naupo at buong taray na inirapan ang binatang nakatingin pa rin sa kanya.

“Happy Birthday, Nessie!” masayang bati ni Bong sa dalagita. Nakigaya naman si Santi sa pinsan.

“Thanks, Kuya Bong, Kuya Santi,” nakangiting tugon ni Nessie. “Join us.” Ini-offer nito ang dumating na pizza sa kabilang table.

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

Kaagad iyong binawi ni Nisha. “Masaya ka!” aniya sa kapatid.

“Sige, thanks. Katatapos lang namin.” Itinuro ni Santi ang walang lamang pinggan sa harap nila. “Buti pa um-order ulit kayo, my treat.” Nginitian nito sina Nessie at Hilda at pasimpleng sumulyap kay Nisha. Umismid ang dalaga.

“Talaga, Kuya?” Kaagad na yumakap ang kapatid sa binata. Tuwang-tuwa nitong niyaya si Nessie at bumalik ang magkaibigan sa counter.

“Uhm... excuse me. CR lang ako.” Alanganin ang ngiting ibinigay ni Bong sa dalawa. Tumango lang si Santi samantalang parang walang narinig si Nisha.

3

“Kumusta na?” Pinalipas muna ni Santi ang isang minuto bago kinausap ang kaharap. Hindi man lang ito tinapunan ng tingin ni Nisha. “What a waste! Maganda pa naman kaso bingi,” naiiling na bulong nito, loud enough for Nisha to hear.

“Paki mo.” Inirapan niya ito.

“Ay, salamat at narinig naman pala ako,” natatawang turan nito. Hindi nagsisinungaling si Bong nang sabihing mas maganda at lalong sumeksi si Nisha ngayon. At kahit nakasimangot ito ay hindi nabawasan ang taglay nitong kagandahan. Para kay Santi ay nakadagdag pa sa appeal ni Nisha ang gametrong haba ng nguso nito. Ano kaya kung halikan niya ito?

“Hoy! Wala akong panahon sa iyo!” Kahit mahina ang boses ng dalaga ay halata ang diin sa mga katagang pinakawalan niya. Kanina pa siya nakakahalata sa mga titig na ibinibigay ni Santi sa kanya. Pakiramdam niya ay gusto siyang halikan nito.

“Teka nga,” depensa nito. “Ba’t ba galit na galit ka pa rin sa akin? Ano ba talaga ang nagawa kong

kasalanan sa iyo?”

“Nagmamaang-maangan ka pa.” Tumikwas ang isang kilay niya.

“Hindi ko nga alam kung bakit malamig ang pakikitungo mo sa akin,” seryosong sabi nito. He couldn’t remember a thing he’d done to deserve her hatred. “Ano ba talaga ang kasalanan ko sa iyo?”

“Kung di dahil sa iyo, hindi ako natsismis sa buong baryo!” angil ni Nisha.

“Dahil sa akin?” gulat na turo nito sa sarili. “Ano ba ang sinabi ko sa kanila?”

“Nakuuu!” nanggigigil na sambit niya. “Kung di mo ako hinalikan noon, hindi iyon makikita ng kapatid ko at hindi ako isusumbong sa lola ko!” Nagsimula nang mamula ang kanyang mga pisngi sa sinabi.

“My goodness, Nisha! It happened a very long time ago. You hated me for a mere kiss on the cheek?” Hindi makapaniwala si Santi na hanggang ngayon ay iyon pa rin ang dahilan kung bakit nanggagalaiti ang kababata.

“Mere kiss on the cheek? Hah! Kung ikaw kaya ang nasa katayuan ko noon at pinagtsitsismisan

ng halos lahat ng kapit-bahay natin, ano kaya ang mararamdaman mo?” she hissed.

“Okay, I’m sorry. If it makes any difference, then I sincerely apologize for what I did,” pakiusap ng lalaki upang matapos na ang kanilang away. Sa totoo lang ay hindi niya makapa ang sinseridad ng paghingi ng tawad. He couldn’t forget that kiss either. It was his first and most precious one... kahit sa pisngi lang niya nahalican si Nisha.

“Sorry? Nagpapatawa ka ba?” Sa panggigigil ay nasaksak ng dalaga ng kutsilyong hawak ang pizza pie.

“I’m serious.” Hindi nakaligtas sa mga mata nito ang kutsilyo. “Tell me what you want me to do para lang mapatawad mo ako.”

“Just get out of my way, cowboy!” Mariin niyang hiniwa-hiwa ang pizza slice sa kanyang plato para bigyang-diin ang sinabi.

Saglit na natigilan si Santi. Nag-isip muna ito bago nagsalita.

“Mahirap iyon, napakaliit ng bayan natin. Plus, I’m here to stay. Dahil ikaw naman ang may problema, magmukmok ka na lang sa bahay ninyo para hindi mo ako makita.”

“Hinahamon mo ba ako?” Dinuro niya rito ang hawak na kutsilyo. Kung bakit ba kasi napakaliit ng espasyo sa pagitan ng mga mesa nila.

“No, I’m just giving you an easy option.” Ngumiti ito at natambad sa kanya ang mapuputi nitong mga ngipin. “Ayaw mo akong makita kaya ikaw dapat ang umiwas at hindi ako.”

Aba’t talagang hinahamon nga ako nitong Amerikanong hilaw na ito, teka nga. “Subukan mong galitin pa akong lalo at kukulamin na talaga kitang unggoy ka!”

Natawa nang malakas ang binata. Tingin ni Nisha, bigla itong nagkaroon ng mga pangil at naging bampira sa lakas ng tawa. “Stateside na ’to, Ineng. Hindi na po ako naniniwala sa kulam!”

Tumaas ang kilay niya. “Hah! Tingnan natin. Tinitiyak ko sa iyong hindi lalampas ang linggong ito nang hindi ka magmamakaawang magpagamot sa akin!”

“At ano naman po ang kukulamin mo sa akin, aber?”

Siya naman ang napahalakhak ngayon. Sa asta niya ay masasabing lahi nga siya ng mga mangkukulam. “Hmm... tingnan natin kung hindi

mamaga ang ano mo!”

Natapos din silang kumain. Kaagad na nagyayang umuwi si Nisha. Malugod silang niyaya ni Bong na sumabay na sa kanila ni Santi sa pick-up ngunit mariin itong tumanggi. Matalim ang mga titig na ibinigay nito sa kababata bago ito sumakay sa tinawag na tricycle.

“Mukhang malalim ang pinag-usapan ninyo ni Nisha, 'Insan.’” Nakabuntot ang pick-up ni Bong sa tricycle na sinakyan ng tatlong babae.

Tumango lang siya. Straight ang tingin niya sa labas ng sasakyan. Nakatutok ang kanyang pansin sa tricycle na nauuna sa kanila.

“Ano ba? Kuwento ka naman,” ungot nito.

“She’s crazy.” Pinaikot pa niya ang daliri sa sentido. Kahit may gusto siya kay Nisha ay bigla siyang na-turn-off dito.

“Ba’t mo nasabi iyan?” Nagsimula nang lumaki ang butas ang mga tainga nito sa sinabi ng pinsan. Bago iyon sa pandinig nito.

“Imagine, hanggang ngayon ay naniniwala pa rin ang gaga sa kulam!” naiiling na natatawang sabi niya.

“Bah! Baka nga totoo ang balitang mangkukulam na rin si Nisha. Kaya naman pala matagal nang hindi naggagamot itong si Lola Ambi,” manghang tugon ni Bong. Balitang-balita na sa buong baryo na mula nang tumuntong ng edad beinte años si Nisha ay isinalin na rito ni Lola Ambi ang karunungan itim.”

“For heaven’s sake, ’Insan! Pati ba naman ikaw ay naniniwala pa rin sa kulam hanggang ngayon?” Sinipat niya ito, an incredulous expression on his face.

Biglang umaskad ang mukha ni Bong. “Bah! Kung ikaw kaya ang makulam, di kaya maniniwala ka na rin?”

“Bakit? Nakulam ka na ba?” buwelta niya. Pero hindi na siya naghintay na sumagot ito. “Moderno na ang panahon ngayon, wala nang kulam-kulam sa makabagong sibilisasyon.”

“Oo, tama ka.” Hindi basta-basta iiwan ni Bong ang nakagisnang kaugalian. Kagaya ng mga magulang at kababaryo nito, ito ay naniniwala pa rin sa mga pamahin, multo, aswang, kulam at mangkukulam. “Pero may mga bagay na hindi nababago ng panahon.”

“Kagaya ng kulam?” inis na tanong niya.

Tumango ito. “Kagaya ng kulam.”

Napahugot na lamang ng malalim na hininga si Santi.

Biling-baligtad si Nisha sa higaan niya. Hindi pa rin siya makatulog kahit mag-uumaga na. At hindi pa rin maalis ang kanyang inis sa tuwing maaalala ang eksena sa *Greenwich*.

Pinagtawanan siya ni Santi nang bantaan niyang kukulamin niya ito. Kulang na lang ay ipamukha nitong nasisiraan na siya ng bait. Kung marunong lang talaga siya mangkulam ay matagal na niyang kinulam ang walanghiyang kababata nang makaganti naman siya rito. Ang kaso ay wala siyang alam sa pangungulam at hindi siya naniniwala rito kahit pa nga pinaghihinalaan sila ng buong baryo na lahi sila ng mangkukulam.

Wala sa sariling hinimas niya ang pisnging nahalikan ni Santi noon. Pakiramdam niya ay nanatili pa rin ang init na hatid ng labi nito roon. At may kilig siyang nadarama sa kaibuturan ng puso niya.

“Oh, no!” nagpa-panic na bulalas niya. “Ano’ng ibig sabihin nito?” May gusto pa rin ba siya kay Santi hanggang ngayon?

“Hindi, ah!” she choked on the words. Wala na

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

siyang gusto sa kumag na iyon! Noon iyon, nang uhugin pa silang pareho. Pero ngayong matatanda na sila, imposibleng may gusto pa rin siya sa hinayupak na kababata. Hindi porque't mas guwapo ang ugok na Santi na iyon ngayon ay nagkakandarapa na naman siya rito.

Bakit? Si Santi lang ba ang lalaki sa Barangay Osiao na masasabi niyang guwapo? Hindi, ah! Marami yata ang mga ito. Sa katunayan ay puwede niyang ipagmalaki na ang iba ay masugid na nanliligaw sa kanya. At ni isa ay wala siyang sinasagot sa mga ito.

“Bakit nga ba?” pagtataka niya sa sarili. Ano ba ang diperensya ng mga kababaryo niya at wala siyang mapisil man lang sa mga ito?

Napabuntong-hininga si Nisha. “Kunsabagay, si Santi nga naman ang pinakaguwapo sa kanilang lahat.”

Naalimpungatan si Nisha sa ingay sa labas ng bahay nila sa tapat mismo ng kuwarto niya. Katabi ng bahay nila ang bakanteng loteng pag-aari ng pamilya ni Santi. *May nag-aaway ba?* Nakalimutan niyang magsuklay, pahangos niyang binuksan ang bintana ng kanyang kuwarto at walang-pakundangang

dumungaw sa labas.

“Good morning, Nisha!” sabay-sabay na bati ng limang kalalakihang nag-uumpukan sa tapat ng bintana niya.

“A-ano’ng ginagawa n’yo diyan?” Wala sa loob na sinuklay ng kamay niya ang gusot-gusot na buhok. Sa sulok ng mga mata niya ay nakita niya sina Santi at Bong na nakatayo kabilang sa mga lalaking nag-uumpukan.

“Pasensya na kung nakaistorbo kami sa tulog mo,” paumanhin ni Bong. Pasimpleng sinulyapan ni Nisha ang kanyang wall clock; alas diez y media. *Tanghali na pala!*

“Tiningnan kasi namin itong lote at balak yata ni Santi na magtayo ng hardware store dito,” nakangiting dagdag din ni Tio Badong.

“G-ganoon ho ba? Eh, sige ho. Kanina pa ho ako gising. Medyo sinisipon lang ho ako kaya’t nagpapahinga ako dito sa kuwarto,” pagsisinungaling niya.

“Aba’y kailangang uminom ka agad ng gamot. Mahirap nang magkasakit ka pa, alam mo namang marami ang umaasa sa iyo dito,” sagot ni Bong.

“Oo nga, Nisha. Linggo naman ngayon, magpahinga ka muna,” susog din ni Tio Badong. “Hayaan mo at sabihin ko kay Tia Puring mong ipagluto ka ng mainit na sabaw nang makahigop ka. Ipahahatid ko mamaya kay Santi ang sabaw.”

“H-ho?” Pakiramdam ni Nisha ay lumuwa ang kanyang mga mata sa gulat. “H-huwag na ho, Tio Badong. Nakakahiya ho kay Tia Puring, ’tsaka maaabala ko pa ang... si Santi. Ipagluluto naman ho ako ni Lola.”

“Hindi abala iyon. Walang ginagawa si Santi sa bahay. Mabuti na rin iyong makapamasyal siya diyan sa bahay ninyo,” tugon nito na hindi nakahalata sa kanyang pasaring. “Hala, hindi na kami magtatagal dito nang makapagpahinga ka ulit.”

“Salamat ho, Tio Badong,” napilitan niyang sabi.

“Sige, Nisha,” sabay-sabay na paalam ng mga nasa ibaba bago umalis.

Saglit na nagpaiwan si Santi. Lumapit ito sa nakadungaw pa rin na dalaga.

“See you, later,” paalam nito at nag-flying kiss pa bago mabilis na humabol sa mga kasama.

Kasalukuyang nagwawalis sa sala si Nisha nang narinig niya ang malakas na tinig ni Santi.

“Good morning! Tao po... Nisha!”

Linggo lang ang pagkakataon niyang maglinis ng bahay. Si Lola Ambi ay nasa simbahan pa samantalang si Nessie ay nagpaalam na mapi-picnic kasama si Hilda sa tabing-ilog. Nagmadaling iniwan ni Nisha ang pagwawalis at tumakbo papasok ulit sa kuwarto. Pagtataguan niya ang binata.

“Nisha!” Malapit nang mamaos ang boses ni Santi. Luminga-linga ito pero walang makitang tao sa paligid. Minabuti niyang kumatok sa nakasarang pinto ng bahay ni Lola Ambi. Natuklasan niyang hindi naka-lock ang pinto dahil bumukas ito nang kaunti sanhi ng kanyang pagkatok. Dahan-dahan niyang itinulak iyon at maingat na pumasok sa kabahayan.

Marahan niyang inilapag ang mangkok ng mainit na sabaw sa ibabaw ng kawayang center table at tinawag ulit ang pangalan ni Nisha. Napansin niya ang nakatiwangwang na walis sa sahig at pati na rin ang naipong alikabok sa tabi nito. Napakunot ang noong nilagpasan niya iyon.

Naghintay siya ng ilang segundo pero wala siyang narinig na sagot. Nagsimula na siyang mag-isip

nang may marinig siyang kalabog sa kusina. Ipinasya niyang pumunta roon sa pagbabakasakaling naroroon ang kababata. Ngunit pusa lang pala ang nandoon at namumungkal ng mga kaldero. Nailing na muling humakbang pabalik ng sala ang binata. Naisip niyang baka lumabas ng bahay si Nisha. Hihintayin na lang niya ito sa labas.

Natigilan sa paglakad si Santi nang madaanan niya ang isang kuwarto pabalik sa sala. Hindi niya ito napansin kanina nang papunta siya sa kusina. Nag-aalangan siya kung kakatok sa pinto niyon o hindi. Sa bandang huli ay nanaig ang curiosity niya.

“Nisha?” tawag niya, sabay katok sa pinto ng silid. Walang sumagot sa kanya ngunit may narinig siyang kaluskos mula sa loob. Bigla siyang kinabahan. *Baka hindi na nakakahinga si Nisha dahil sa pagkakasipon!*

Pero naalala niyang manggagamot ang dalaga. Kayang-kaya nitong gamutin ang sarili. Tinawag niya ulit ito. Hindi pa nagkasya ay sunod-sunod na katok ang ginawa niya sa pinto ng kuwarto. Ngunit nanatiling walang lumabas na Nisha.

“Nisha?” Idinikit niya ang kanyang tainga sa nakapinid na pinto. May narinig ulit siyang kaluskos sa loob. *Nalintekan na! Baka nga kung napaano na si Nisha!*

Santi knew he had to do something. Dali-dali niyang binuksan ang pinto ng silid. Nakahinga siya nang maluwag nang matantong hindi iyon naka-lock.

Pero nagimbal siya sa nakita sa ibabaw ng kama nang sumilip siya sa loob ng kuwarto matapos buksan ang pinto. May nakahiga roon at natatalukbungan ng kumot ang buong katawan pati na rin ang mukha. Nangatal ang buong katawang nilapitan ito ng lalaki. Matagal niyang tinitigan ang katawang nababalutan ng kumot bago siya nagpasyang alisin ang talukbong sa mukha ng *bangkay*. Pakiramdam niya ay bigla siyang kinapos ng hininga nang mabungaran ang mukha ng dalaga, nakapikit ang mga mata nito.

“N-Nisha?” Marahan niyang niyugyog ang balik at nito pero hindi man lang natinag ang dalaga. “Nisha!” Niyugyog niya ulit ito pero dahil sa katarantahan ay hindi na niya matiyak humihinga pa ang kababata o hindi na.

Tiningnan niya ang makinis na mukha nito, nanatiling nakapikit ang mga mata at hindi man lang gumagalaw ang mahahabang pilik nito bilang senyales na malapit na itong magmulat. Napakaganda talaga ng dalaga. Para itong si *Sleeping Beauty* sa paningin ni Santi.

“Nisha!” Mas malakas na ang kanyang pagyugyog

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

sa mga balikat ng dalaga. At mas malakas na rin ang kabog ng kanyang dibdib. Parang hindi niya yata kakayaning mawala na si Nisha sa kanyang buhay. Ngayon pang....

“Nisha!” hagulhol niya, parang pinipiga ang puso niya.

Bakit huli na nang malaman niyang mahal pa pala niya ito?

Buong higpit na niyakap niya ang dalaga at hindi nakatiis na ginawaran ito ng masuyong halik sa labi bilang pamamaalam.

4

“Aray ko!” daing ni Santi nang isang malakas na sampal ang dumapo sa mukha nito. Sapo-sapo nito ang tinamaang pisngi. Namilog ang mga mata nito. “Nisha? Buhay ka!”

“Bastos! Manyak! Halimaw!” Itinulak ni Nisha ang hindi nakahumang lalaki. Bumagsak ito sa sahig. “Lumayas ka sa pamamahay namin!” Hindi pa nagkasya ay pinagbabato niya ito ng mga unan.

“Teka!” Kandailag naman ang nagugulumihan pa ring kababata. “A-akala ko patay ka na!”

“Patay pala, ha! Kaya hindi mo na pinalampas ang pagkakatong manantsing!” Bumangon siya mula sa kama at walang pakialam na dinaluhong niya sa sahig ang binatang hindi pa rin makakilos saka ubod lakas na sinabunutan. “Hindi ka aalis sa bahay na ’to? Sisigaw ako, sige ka!” At umakto na siyang sisigaw nang may biglang pumasok sa loob ng silid niya.

“Ano ba ’yang ingay—” Nagpalipat-lipat ang tingin ni Lola Ambi sa magkababata. Parehong nasa sahig sina Nisha at Santi. Hindi nito maintindihan kung bakit nakadagan ang apo sa nakatihayang lalaki

habang hawak-hawak ng dalaga ang buhok ng binata.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” Umakyat ang dugo sa ulo ng matanda nang mapagtanto ang nakita. Kaagad nitong inambahan ng hawak na tungkod ang dalawa at walang-habas na pinaghahampas sila.

Buti na lang mabilis na nakailag si Nisha.

“Lola! Maghunusdili kayo!” Nailagan ni Santi ang unang hambalos ni Lola Ambi ngunit hindi ang pangalawa at pangatlo. “Ouch! Ouch!” Sapol ang braso at puwit nito.

“Lola, huwag po!” Mabilis niyang naagapan ang pang-apat na hambalos ng matanda para sa binata. Mabilis na tumayo si Santi at akmang tatakbo palabas ng kuwarto nang bigla itong nabuwal dahil sa nagkalat na mga bagay sa sahig. Una ang puwit nang bumagsak ito.

Tinukod ito ni Lola Ambi ng tungkod. “Huwag kang kikilos! Sasamain ka sa akin!” babala nito, nanlilisik ang mga mata sa galit.

“Lola, ano ba?” awat niya, tigmak na sa luha ang mukha.

“Heh! Isa ka pa!” Hinarap siya ng abuela. “Wala ka man lang ba kahit kaunting delicadeza at dito pa

kayo gumawa ng milagro sa bahay ko?”

“P-pero, Lola...”

“Wala nang pero-pero pa!” Diniinan ni Lola Ambi ang tungkod sa leeg ng nakaupong si Santi. “Buti na lang umuwi kaagad ako pagkatapos ng misa. Kung hindi ay baka mas masahol pa sa ganito ang madadatnan ko!”

“Pero, Lola, wala ho kaming ginagawang masama,” mariing tanggi ni Nisha sa iniisip ng abuela.

Hindi siya pinakinggan ng matanda. Binalingan nito si Santi, “Kailangang papuntahin mo dito ang mga magulang mo ngayon din, naintindihan mo?”

“Ayoko! Ayoko!” sigaw ni Nisha. Kanina pa nag-uusap ang mga magulang ni Santi at ng lola niya. Napagkasunduan ng mga itong ipakasal silang dalawa sa lalong madaling panahon upang huwag nang kumalat pa ang iskandalo.

“Huwag matigas ang ulo, Nisha.” Galit na hinarap ni Lola Ambi ang apo. “Ano na lamang ang sasabihin ng mga kapit-bahay natin kapag nalamang napasok ka na ng isang lalaki sa kuwarto mo?”

“Wala akong pakialam sa mga kapit-bahay natin,

Lola.” Halos maglupasay na sa inis at hiya ang dalaga. “Hindi ninyo ba naiintindihan? Wala hong nangyari sa amin ni Santi! Kahit nga kamay ko ay hindi niya nahawakan!”

“Walang ginagawa? Ano iyong nakita ko?” Sumisingasing sa galit ang abuela na animo’y toro na handang lapain siya. Hindi makaimik ang mag-asawang Gomez sa takot na baka sila ang mapagbuntunan ng galit ng matanda.

Nagkatinginan sina Santi at Nisha. Ang binata ang naunang magsalita. “Pinadalhan kasi ng Nanay at Tatay ng mainit na sabaw si Nisha dahil sinisipon daw ho siya. Kaso wala hong tao dito sa sala pagdating ko. Kanina pa ho ako katok nang katok.”

“Kaya tuloy-tuloy ka na sa kuwarto niya?” Sa himig ng boses ni Lola Ambi ay mukhang hindi ito naniwala sa paliwanag ni Santi lalo pa at hindi magandang tanawin ang nadatnan nito.

Napakamot sa batok ang binata. Oo nga naman. Sino ba ang nagsabing may karapatan siya na pasukin sa loob ng kuwarto si Nisha? “Lola, nag-aalala lang ho ako.”

“Totoo iyon, Lola,” segunda ng dalaga, hindi makatingin nang derecho kay Lola Ambi. “Nakatulog

ho ako kaya hindi ko namalayan ang pagtawag niya sa labas.”

“Lola,” sumingit si Tio Badong, “baka nga wala talagang nangyari sa mga bata. Baka nagsasabi naman sila ng totoo. At saka ho, kilala n’yo si Santi namin. Hindi siya gagawa ng kalokohan lalo na at nandito siya sa loob ng pamamahay ninyo.”

Pinaglipat-lipat ni Lola Ambi ang tingin kina Santi at Nisha. Humugot muna ito ng malalim na hininga bago nagsalita. Halatang diskumpyado ito sa sinabi ng dalawa. “Paano ninyo maipapaliwanag ang nakita ko kanina?”

“Lola, nabuwal ho ako at nadaganan ko si Santi!” singit kaagad ni Nisha. Kailangan niyang mag-isip ng alibi para makumbinsi ang lola niya. Hindi siya makakapayag na pakasal sa isang lalaking wala namang pag-ibig sa kanya. “Magpapakamatay ho ako kapag pinilit ninyong makasal kami ni Santi!”

“Nisha!” Napahumindig ang lahat ng nakarinig niyon.

“Bigyan mo ako ng kahihiyan, Nisha!” Namula si Lola Ambi sa galit.

“Narinig po ninyo ang sinabi ko. Magpapakamatay ako kapag pinilit ninyo kaming pakasal.” Gusto na

niyang maiyak sa nadaramang pighati.

Aaminin niya na hindi pa rin tuluyang nabubura si Santi sa kanyang puso. Pero lalo siyang masasaktan kung magpapakasal sila nang walang pagmamahal. Walang saysay ang magiging pagsasama nila kung siya lang ang magmamahal dito.

“Aba, Nisha, huwag ka namang ganyan. Mabait si Santi namin, ah,” hindi nakatiis na singit ni Tio Badong. Halatang nainsulto ito sa pahayag ng dalaga.

“Oo nga, Nisha. Kahit yata sinong babae ay magiging mapalad kapag si Santi ang nakatuluyan.” Hindi rin nakatiis si Tia Puring na hindi sumingit. Kung hindi lang ito takot kay Lola Ambi ay kanina pa ito nagsalita.

“Hindi naman ho sa ganoon, Tio Badong, Tia Puring. Pero hindi yata magandang magpakasal ang dalawang taong hindi nagmamahalan lalo na sa panahon ngayon. Hindi na ho uso ang pikutan.” Sinulyapan niya si Santi. Tiim-bagang itong nakatitig sa kanya. Kaagad niyang binawi ang tingin dito. Hindi nga siya nagkamali ng sapantaha. Sa mga tingin pa lang nito sa kanya ay tiyak niyang kamumuhian lamang siya nito balang araw kapag napilitan itong pakasalan siya ngayon.

“Nisha, bata ka!” nanggigigil na bulyaw ni Lola Ambi sa apo. “Hindi mo man lang ba naisip na bigyan ako ng kahihyan? Paano kung kumalat ang balitang ito sa buong baryo natin? Anong mukha pa ang maihaharap ko sa kanila?”

“Eh, di huwag ho nating ipagkalat,” yuko ang ulong tugon ni Nisha. “Wala naman hong nakakalam niyon kundi tayo lang.”

“Ah, sa bagay na iyan ay maasahan mo kami, Nisha,” mabilis na susog ni Tia Puring. “Hindi manggagaling sa amin ang pagmumulan ng tsismis, kung magkaroon man. Di ba Badong, Santi?” Binalingan nito ang asawa at ang anak bilang pagkukumpirma.

“Tama si Puring, Lola Ambi.” Sunod-sunod na tango ang ibinigay ni Tio Badong bilang pagsang-ayon sa sinabi ng asawa. “Makakaasa kayong hindi sa amin magsisimula ang kuwento.”

“Iyon naman pala. Wala na tayong dapat pang problemahin, Lola,” sambit ni Nisha.

Napabuntong-hininga si Lola Ambi. Mukhang sumuko na rin ito sa katigasan ng ulo ng apo. “Bueno, kung ganoong nagkakaintindihan tayo ay wala na akong magagawa sa bagay na iyan.” Binalingan nito

ang mag-anak na Gomez. “Basta ipangako n’yo lang na walang makakaalam nito kahit na sino man kundi malilintekan kayong lahat sa akin.”

“Pangako ho,” sabay pang sabi ng mag-asawang Puring at Badong. Nanatiling tahimik sa sulok si Santi.

“Kung ganoon ay wala na tayong dapat pag-usapan pa.” Tumayo na si Lola Ambi, hudyat na tinatapos na nito ang pakikipag-usap sa mga bisita.

“Paano ho, Lola?” ani Tia Puring. “Alis na ho kami.”

“Sige, Badong, Puring. Salamat sa pagpunta ninyo dito, hayaan ninyo at kakausapin kong mabuti itong apo ko.” Nagpatiunang lumabas ng bahay ang abuela ni Nisha upang ihatid sa gate ang mag-anak.

Nang bumalik sa loob ng bahay si Lola Ambi ay nanggigigil na hinarap nito si Nisha.

“Ano ba naman ang pumasok sa kukote mo at tinanggihan mo pa ang alok ng mag-anak na ’yon?”

“Lola naman. Hindi na uso ngayon ang pikutan. Kita n’yo nga, ang dami ko nang pinaanak na wala namang mga asawa,” matamlay na turan ng dalaga.

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

Hindi niya maintindihan pero pakiramdam niya ay sumama ang kanyang puso paglabas ni Santi kanina.

“Sumasagot ka pa!” Inambahan siya nito ng tungkod. Umilag siya kahit na hindi itinuloy ng matanda ang gustong gawin. “Ang lagay, gusto mo pang gumaya sa mga pasyente mo?”

“Wala ho kaming relasyon ni Santi, papaano ako mabubuntis?” suya niyang tanong. “Alam ninyong hindi nanliligaw sa akin ang ugok na iyon.” Kung noon nga ay hindi siya nagustuhan nito, ngayon pa kayang nakapag-abroad na ang kababata? Tiyak niya, marami itong nakilalang mga babae sa Texas at dihamak na mas magaganda pa sa kanya.

“Kuu! Matututuhan ka ring mahal n’un. Pero hindi mo man lang ba naisip na sayang si Santi? Aba’y saan ka pa makakahanap ng lalaking may magandang kabuhayang mamanahin sa mga magulang, may perang naipon sa pagtatrabaho sa abroad? At hindi lang ’yon. Payag ding pakasal sa iyo,” inis na tugon nito.

“Lola, akala ko ba hindi importante sa tao ang maraming pera basta maligaya ito sa kung ano ang meron siya?” paalala niya.

Hindi nakaimik ang matanda. Nag-isip muna

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

ito nang malalim at kapagkuwa'y nagsabi, "Alam ko, Apo. Ikaw lang naman ang inaalala ko. Siyempre, ayokong makitang nahihirapan ka. Kahit papaano ay mapapanatag ang kalooban ko na makitang maayos ang buhay mo kapag si Santi ang nakatuluyan mo."

"Lola..." Na-touch si Nisha sa sinabi nito. Hindi siya nakatiis at niyakap niya si Lola Ambi. "Huwag na ho nating isipin iyan. Bata pa naman ako para mag-asawa."

Dapat siguro ay pagtuunan na niya ng pansin ang mga manliligaw at baka maibaling niya ang pagtingin sa isa sa mga ito. Hindi naman siya martir para patuloy na magkagusto sa isang lalaking walang kaamor-amor sa kanya.

"Ano 'ika mo, 'Insan?" Hindi makapaniwala si Bong sa kuwento ni Santi. "Siya mismo ang tumangging pakasal sa iyo? Bakit?"

"Wala naman talagang nangyari sa amin." Bumuntong-hininga siya. Masakit pa rin ang loob niya sa buong pangyayari. Oo nga, nabigla siya nang ipagpilitan ni Lola Ambi na pakasalan niya ang apo nito. Hindi dahil sa hindi niya mahal si Nisha. Maglulupasay ba siya kung hindi siya nagitla sa pag-

aakalang patay na ang babaeng mahal niya?

Pero hindi ganoon ang pangarap niyang kasal. Gusto niya ay masayang kasalan at hindi iyong parehong napipilitan lamang ang mga ikinakasal. Tulad ni Nisha ay hindi rin siya naniniwala sa pikot.

Pero ang masaklap nito ay pointblank na tinanggihan siya ng dalaga na parang nandidiri ito sa kanya. At nagbanta pang magpakamatay!

He felt crushed when she strongly turned down his family's offer of marriage. Akala niya ay may gusto pa rin ito sa kanya dahil hanggang ngayon ay hindi pa rin nito makalimutan ang halik na ibinigay niya rito.

Hindi mawaglit sa isipan niya ang nangyari noong isang araw. Nakahalik na naman siya kay Nisha. And this time it was on the lips. He secretly wished it was Nisha's first. Wala siyang nababalitaang naging boyfriend nito kahit marami itong manliligaw.

“Pero kahit pa. Siyempre babae siya, malaking kasiraan sa kanya kapag kumalat ang balita,” sagot ni Bong, sabay sagwan ng sinasakyang bangka.

High tide kaya ginamit nila ang bangka ng kanyang ama papuntang bayan.

“Wala tayong magagawa, Bong. Siya ang

nagdesisyong huwag pakasal sa akin kaya dapat lang na igalang natin 'yon.” Pero bakit siya mismo ay parang hindi matanggap ang pagtangi ni Nisha na makasal sila?

“Kunsabagay nga, 'Insan. Tama ka rin. Bihira na ang babaeng kagaya niya lalo pa at ubod ng tsismosa at tsismoso ang mga kapitbahay natin. Tiyak pagpipistahan na naman siya.” Nag-thumbs-up pa si Bong. Si Nisha ang kauna-unahang babaeng tumangging pakasal sa isang lalaki sa kanilang baryo under such circumstances.

“Kaya nga dapat manatiling lihim ito sa mga kababaryo natin,” paalala ni Santi sa pinsan. Tsismosa man ang nanay nito ay nakakatiyak siyang hindi nagmana si Bong sa ina. Marunong itong magtago ng lihim at matagal na niyang napatunayan ito.

Hindi umimik ang kausap. Tila nahulog ito sa malalim na pag-iisip bago muling nagsalita, “Pero, 'Insan, nagtataka rin ako kina Tio Badong at Tia Puring. Bakit ba sila pumayag na pakasalan mo si Nisha samantalang balitang-balita sa baryo natin na may lahing mangkukulam ang maglolang iyon? Di ba natatakot ang mga tiyang at tiyong na baka malahian kayo ng mangkukulam?”

Humugot ng malalim na hininga si Santi. Hindi

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

na yata talaga magbabago ang pananaw ng mga tao sa kanilang baryo. Gumagamit na nga ng cellphone ang mga ito, pero ang nakaugaliang paniniwala sa mga pamahiin at kulam ay kasing-lakas pa rin tulad ng dati.

“Sa Tatay, siguradong walang problema. Kagaya ko ay hindi naniniwala sa kulam iyon. Pero iba ang Nanay.” Napailing si Santi pagkaalala sa ina.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” Nagtataakang nilingon ni Bong ang pinsan mula sa pagsagwan.

“Sobra ang paniniwala niya sa kulam. Baka naisip ng Nanay na kukulamin kaming buong mag-anak ni Lola Ambi kapag hindi ko pinakasalan si Nisha.”

Ganoon? Naniningkit ang mga mata ni Nisha nang marinig ang balita. Kararating lang niya sa barangay health center dahil kailangan niyang puntahan ang isang kababaryo na nanganak sa kasagsagan ng ulan. Isa sa mga tsismosang nanay ang matiyagang naghintay sa pagdating niya roon at *nagmalasakit* na sabihin sa kanya ang kuwentong narinig nito mula sa kapitbahay na nakakuwentuhan naman ng kumare ng nanay ni Bong.

Puwes, humanda sila! Dahil kapag natuto akong

Maging Mangkukulam Ka Man - Gabrielle

mangkulam, sila ang aking kauna-unahang magiging guinea pigs! Padabog niyang ibinagsak sa kanyang mesa ang mga dalang gamit sa pagpapanaanak.

Hindi niya akalaing si Santi mismo ang sisira sa kasunduan nila na walang dapat makaalam pa sa nangyaring iskandalo. Pero heto at hindi magkandaugaga si Aling Bibang sa pagkukuwento sa kanya ng narinig na kuwento sa tindahan nina Ka Berto at Aling Magda. At hindi lang detalyado, may pasobra pa sa ibinalita.

Ayon sa tsismosa, sinabi raw ng Aida na nanay ni Bong na kaya nagpupumilit si Lola Ambi na ipakasal silang dalawa ni Santi ay dahil natatakot itong baka... buntis daw siya!